

SO WHAT

- Maaari mo bang banggitin ang grupo ng mga tao na nasasaklawan ng iyong impluwensiya? Ano sa palagay mo ang pinakamabisang paraan upang ibahagi si Jesus sa kanila?
- Papaano mo naranasan ang Diyos bilang iyong pinagmumulan? Ikaw ba ay ganap na naniniwala na ang Diyos ang iyong pinagmumulan sa lahat ng iyong mga pangangailangan?
- Sa palagay mo, sulit ba ang pagdidisipulo na paglaanan ng iyong pagsisikap at panahon? Bakit? Bakit hindi?

NOW WHAT

- Papaano ka makapagdidisipulo sa loob ng nasasaklawan ng iyong impluwensiya?
- Anong pansariling kwento ang maaari mong ibahagi sa mga tao na tumingin sa Diyos bilang pinagmumulang ganap?
- Sino sa iyong pamilya, mga kaibigan, mga kaklase, o kabarkada ang kailangang malaman ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos? Gumawa ng listahan, manalangin para sa mga taong ito, at maniwala sa Diyos na magkaroon ka ng pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo.

PRAYER

- Killalanin ang grupo ng mga tao sa inyong komunidad o mga nasasaklawan ng impluwensiya. Simulang manalangin na ang mga pintuan ay bumukas at makamtan ang mahusay na paraan upang maparating sa mga tao sa mundo.
- Hilingin sa Diyos ang biyaya upang ikaw ay maging mabunga at mabisa sa pagdidisipulo (Juan 15:8).
- Ipanalangin na ang iyong mga kasama na pinamumunuan ay makapanguna na rin ng kanilang *Victory group* sa lalong madaling panahon.



Pinagmumulan



NOTES

CONNECT

- Sa loob ng isang araw o isang linggo, gaano ka katagal nagbubuhos ng oras mo sa *Internet*? Bakit mo ginagawa ito?
- Anong pinakahilig mong puntahan sa *Internet*? Bakit?
- Papaano ka sinubaybayan ng taong nagpakilala sa iyo sa Panginoon? Papaano ito nakatulong sa iyong ugnayan sa Diyos?

WORD

¹⁹“Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. ²⁰Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.” MATEO 28:19,20

WHAT

Matapos ng Kanyang muling pagkabuhay at bago Siya bumalik sa langit, si Jesus ay nagpakita sa Kanyang mga disipulo at sa lahat na iginawad sa Kanyang kapangyarihan sa langit gayun din dito sa lupa (Mga Gawa 1:2,3; Mateo 28:18), inihabilin sa kanila ang Dakilang Komisyon o ang kautusan ng magdisipulo ng maraming bansa. Ano ang pagdidisipulo at ano ang ibig sabihin ni Jesus nang utusan Niya tayo na magdisipulo ng maraming bansa?

1 Ang pagdidisipulo ay patungkol sa pag-abot sa mga grupo ng mga tao.

“Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa . . .”
MATEO 28:19

Ang pinakamalasakit ni Jesus, puso Niya, at silakbo ng Kanyang damdamin ay patungkol sa pag-abot sa maraming bansa—hindi lamang paghihiwalay ng maraming tao na may kinalaman sa pampulitika kundi magkaroon ng ugnayan sa Kanya. Ang Pahayag 7:9,10 ay nagbigay ng makabagbag-damdamin na pangitain ng puso ng Diyos na ang bawat tribu, wika, at mga tao ay makararanas ng buhay na walang-hangaan mula kay Jesus. Ano ang iyong dahilan sa pagdidisipulo at pagbabahagi ng ebanghelyo?

2 Ang pagdidisipulo ay patungkol sa panawagan sa tao na manumbalik sa Diyos bilang kanilang pinagmumulan.

“ . . . Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. . . .” MATEO 28:19

Iniutos ni Kristo sa Kanyang mga disipulo na bautismuhan ang Kanyang mga tagasunod sa ngalan ng Ama, ng Anak , at ng Espiritu Santo. Ang pagbabautismo sa pangalan ay nangangahulugan ng paglulubog sa katauhan at pagkakakilanlan ng Diyos. Sa madaling salita, ang pagdidisipulo ay patungkol sa pagpapakilala sa Diyos sa bawat tao na ating makakasalamuha. Ano ang ibinabahagi natin tungkol sa Diyos (1 Corinto 8:6)?

3 Ang pagdidisipulo ay pagtuturo sa mga tao na lumago sa kanilang ugnayan sa Diyos.

“Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. . . .”
MATEO 28:20

Ang pagdidisipulo ay hindi tungkol sa mga programa at mga gawain—ito ay tungkol sa pagkakaroon ng habang-buhay na ugnayan sa Diyos at paggabay sa iba na gayon din ang gawin. Ang pundasyon ng pagdidisipulo ay ang Mabuting Balita na inialay ng Diyos ang Kanyang tanging Anak upang akuhin ang ating dapat kalagyan sa krus bilang pagpapahayag ng Kanyang dakilang pag-ibig sa atin (1 Juan 4:9,10). Ano ang kasaysayan ng iyong ugnayan sa Diyos? Ano sa palagay mo ang mag-uudyok sa iba na magkaroon din ng ugnayan sa Diyos?
